# Ano ang *Iyong mga Opsyon/ Pagpipilian?*

- Bumili ng isang converter para sa iyong kasalukuyang TV. Sa 2008, magkakaroon ng kupon na magbabawas ng $40 sa presyo ng ilang mga converter.

*Maaari mo ring piliing…*

- Bumili ng isang digital television. *Tanungin ang iyong retailer kapag bumibili ka ng bagong TV upang masigurado na ito'y may built-in digital tuner.*

- Magpakabit ng cable, satellite, o iba pang binabayarang television service.

- Bumili ng isang converter na may karagdagang kakayahan (enhanced features), tulad ng DVD recorder. Ang mga converter na ito ay hindi kwalipikado para sa Coupon Program.

Anuman ang iyong mapagpasiyahan, maari kang makapaghanda para sa digital transition hanggang sa ika-17 ng Pebrero 2009. Pagkatapos ng petsang ito, hindi mo na mapapanoond ang iyong over-the-air broadcasts sa iyong analog TV.



Ang Deficit Reduction Act of 2005 (Public Law 109-171) ay ipinasa noong ika-8 ng Pebrero 2006. Itinatakda ng Title III ng Batas ang transisyon ng digital television para sa ika-17 ng Pebrero 2009 at nagtabi ito ng hanggang $1.5 billion para sa isang “digital-to-analog converter box program” na pamamahalaan ng National Telecommunications and Information Administration, U.S. Department of Commerce.

**Tumawag sa 1-888-DTV-2009**
**o kaya**
**TTY 1-877-530-2634 (Ingls)**
**TTY 1-866-495-1161 (Español)**
**o bisitahin ang *www.dtv.gov***
**para sa impormasyon tungkol sa DTV Converter Coupon Program.**

Abril 2007

# Paghahanda *para sa* Digital Television Transition

National Telecommunications and Information Administration

U.S. Department of Commerce



# HANDA KA NA BA SA PAGDATING NG DIGITAL TELEVISION?

**Mayroon ka bang TV sa iyong tahanan na gumagana sa tulong ng antenna na nakakabit o antenna na nasa bubong?**

**Kung ganoon, makatutulong ang polyetong ito sa iyo sa paghahanda para sa isang mahalagang pagbabago sa TV broadcasting sa darating na Pebrero 2009.**

**Ang television broadcasting ay magbabago na mula sa lumang standard - na tinatawag na "analog" - patungong bagong standard, na tinatawag na "digital." Sa ika-17 ng Pebrero 2009, ang lahat ng mga palabas sa TV ay magiging digital.**

**Pagkatapos ng ika-17 ng Pebrero 2009, ang lahat ng analog na TV na kumukuha ng programming "over the air" gamit ang isang antenna ay kailangang kabitan ng isang special television converter upang tumanggap ng mga digital broadcast.**

**Bagama't parang malayo pa ang Pebrero 2009, mabuti na ang maagang simulan ang paghahanda.**



***Ang pagpapalit patungong digital television ay ginagawa rin upang magbigay ng karagdagang air waves sa mga bombero at mga pulis upang gawing mas madali ang kanilang komunikasyon kapag may mga emerhensiya.***


# SINO ANG MANGANGAILANGAN NG CONVERTER?

Ang "digital-to-analog" converter ay isang device na madaling naikakabit sa iyong TV. Kapag ikinabit ang isang converter sa iyong kasalukuyang TV, patuloy mong mapapanood ang iyong mga programa pagkatapos ng ika-17 ng Pebrero 2009.

Ang paggamit ng converter ay hindi para sa lahat. Ang karamihan ng mga tao ay may mga TV na nakakabit sa cable, satellite, o iba pang binabayarang television service. Hindi kailangan ng converter para sa mga television set na ito.

Kung mayroon kang isang TV na may digital tuner, hindi ka mangangailangan ng isang converter. Kung sa nakaraang limang taon ay hindi ka pa bumibili ng bagong TV, maaaring wala itong digital tuner. Ang mas lumang TV na hindi nakakabit sa cable o satellite service ay malamang na mangangailangan ng isang converter.

***Ang converter ay kinakailangan para makatanggap ng digital picture, na pangkalahatan ay mas malinaw at nagbibigay ng mga karagdagang channel para sa mga nanonood na bibili ng device.***



# MAY $40 COUPONS NA MAKUKUHA PARA SA MGA CONVERTER

**Simula sa ika-1 ng Enero 2008, ang bawat tahanan sa Amerika ay makakahingi ng hanggang dalawang kupon mula sa gobyerno na magagamit sa upang bumili ng ilang mga takdang converter. Ang bawat kupon ay nagkakahalaga ng $40. Ang mga kupon ay may bisa ng hanggang 90 araw pagkatapos ng kanilang pag-isyu.**

**Ang National Telecommunications and Information Administration ang ahensiya ng gobyerno na namamahala sa programang ito. Sila ay maglalabas ng mga pana-panahon na pahayag tungkol sa Coupon Program.**

**Ang paghiling ng mga kupon ay hindi maaaring tanggapin bago dumating ang Enero 2008. Mangyaring bumalik sa simula ng 2008 upang hilingin ang iyong mga kupon. Tumawag sa 1-888-DTV-2009 o 1-888-388-2009 o bisitahin ang *www.dtv.gov* sa pagtatapos ng taon upang malaman kung paano mag-aplay para sa mga kupon.**

***MARKAHAN ANG IYONG KALENDARYO.*** **Simula sa 2008, tutulong ang Pederal na gobyerno sa gastos ng ilang mga converter. Bumalik sa panahong iyon para sa karagdagang impormasyon.**

